**Mga pamantayan hinggil sa mga trabahador na walang uwian**

- Disenteng kondisyon sa pamumuhay na gumagalang sa pag-iisa ng mga manggagawa (Artikulo 6).
- Kalayaang makamit ang kasunduan sa kanilang mga employer o posibleng maging employer kung gusto o ayaw manirahan sa bahayan nito (Artikulo 9).
- Walang obligasyong manatili sa bahayan o sa mga kasapi nito sa panahon ng pamamahinga o pagliban (Artikulo 9).
- Karapatan na itago ang kanilang taglay na dokumento hinggil sa identidad at pagbibiyahe (Artikulo 9).
- Regulasyon sa mga oras ng paghihintay o istambay (Artikulo 10).

**Mga pamantayan hinggil sa mga migranteng kasambahay**

- Isang pasulat na kasunduan na maipatutupad sa bansa na doon nagtatrabaho, o isang pasulat na alok na trabaho, bago pa magbiyahe sa bansa na doon magtatrabaho (Artikulo 8).
- Malilinaw na kondisyon na sa bisa nito ang mga kasambahay ay may karapatang maibalik sa bansa o pook na pinagmulan sa pagwawakas ng kanilang pag-eempleo (Artikulo 8).
- Proteksiyon ng mga kasambahay mula sa mga abusadong kagawian ng mga pribadong ahensiyang nag-eempleo (Artikulo 15).
- Kooperasyon ng mga bansang nagpapadala at tumatanggap [ng mga trabahador] upang matiyak ang epektibong aplikasyon ng mga probisyon ng Kumbensiyon sa mga migranteng kasambahay (Artikulo 8).

**Mga pribadong ahensiyang nag-eempleo**

Mga hakbang na dapat itakda (Artikulo 15):

- pamahalaán ang operasyon ng mga pribadong ahensiyang nag-eempleo;
- tiyakin ang sapat na makinarya para maimbestigahan ang mga hinaing ng mga kasambahay;
- maglaan ng sapat na proteksiyon sa mga kasambahay at pag-iwas sa mga pang-aabuso, sa tulong ng ibang Kasapi kung kinakailangan.
- isaalang-alang ang pagpapatibay ng mga kasunduang pandalawahan [bilateral], panrehiyon, at pangmaramihang [multilateral] panig upang maiwasan ang pang-aabuso at pandarayang kalakaran.

**Pagsasaayos ng mga pagtatalo, hinaing, pagpapatupad**

- Epektibong paraan ng pagdulog sa hukuman, tribunal o iba pang mekanismo ng pagsasaayos ng pagtatalo, kabilang ang mga bukás na dulugan ng mga hinaing (Artikulo 17).
- Mga hakbang na dapat isagawa upang matiyak ang pagtupad sa mga pambansang batas para sa proteksiyon ng mga kasambahay, kabilang ang mga batas sa pagsisiyasat ng paggawa. Sa ganitong pagkakataon, kinikilala ng Kumbensiyon ang pangangailangan na timbangin ang karapatan ng mga kasambahay at ang proteksiyon at karapatan sa pag-iisa ng mga kasapi ng bahayan (Artikulo 17).

Ang buong teksto ng Kumbensiyon Blg. 189 ay matutunghayan sa
http://www.ilo.org/ilolex/english/convdisp1.htm

Ang buong teksto ng Rekomendasyon Blg. 201 ay matutunghayan sa
http://www.org/ilolex/english/recdisp1.htm

**Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tawagan ang pinakamalapit na International Labour Office [Internasyonal na Tanggapan ng Paggawa] sa inyong bansa o rehiyon o sumangguni sa Department of Labor and Employment - Labor Communications Office**
**www.dole_lco@yahoo.com. • Tel. No. 527-8000**
**Like us on facebook @ iSupportKasambahay**

Conditions of Work and Employment Programme (Travail)
Social Protection Sector
Route des Morillons 4
CH-1211 Geneva 22, Switzerland

Tel +41 22 799 67 54
Fax +44 22 799 84 51
travail@ilo.org
www.ilo.org/travail

Kumbensiyon Bilang 189 (Tagalog Version)



More than Jobs!
DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT

International Labour Office
Geneva

# Kumbensiyon Bilang 189
# Disenteng trabaho para sa mga kasambahay

Trabaho ang gawaing pambahay. Ang mga kasambahay, gaya ng ibang manggagawa, ay may karapatan sa disenteng trabaho.

Noong 16 Hunyo 2011, ang International Labour Conference ng International Labour Organization ay nagpatibay ng Kumbensiyon hinggil sa disenteng trabaho para sa mga kasambahay, na tinaguriang Kumbensiyon para sa mga Kasambahay, 2011 (Blg. 189).

## Ano ang Kumbensiyon Blg. 189?

**Ano ang Kumbensiyon Blg. 189?**

Ito ang tratado na pinagtibay ng Internasyonal na Kumperensiya ng Paggawa, na binubuo ng mga delegado mula sa gobyerno, manggagawa, at employer na pawang galing sa 183 kasaping Estado ng ILO.

**Hinggil saan ang Kumbensiyon Blg. 189?**

Ang Kumbensiyon Blg. 189 ay naghahain ng tiyak na proteksiyon sa mga kasambahay. Naglalatag ito ng mga batayang karapatan at prinsipyo, at inaatasan ang mga estado na gumawa ng mga hakbang upang matamo ang disenteng paninilbihan ng mga kasambahay.

**Ano ang kahulugan ng pagratipika ng Kumbensiyon?**

Kapag niratipika ng isang bansa ang Kumbensiyon, ang gobyerno nito ay pormal na nagtataya sa pagsasakatuparan ng lahat ng obligasyong isinasaad ng Kumbensiyon, at mag-uulat nang panapanahon sa ILO hinggil sa mga hakbang na isinagawa sa naturang usapin.

**Rekomendasyon Blg. 201—Paano ito naiuugnay sa Kumbensiyon?**

Ang Rekomendasyon ng mga Kasambahay Blg. 201, na pinagtibay din ng ILO ng 2011, ay nag-aambag sa Kumbensiyon Blg. 189. Taliwas sa Kumbensiyon, ang Rekomendasyon Blg. 201 ay sarado sa ratipikasyon. Ang Rekomendasyon ay nagsasaad ng praktikal na gabay hinggil sa mga posibleng legal at iba pang hakbang upang maipatupad ang mga karapatan at prinsipyong nakasaad sa Kumbensiyon.

**Paano isasakatuparan ang Kumbensiyon?**

Ang Kumbensiyon ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng pagpapalawig o pag-aangkop ng mga umiiral na batas at regulasyon o iba pang alituntunin o sa pagbubuo ng bago at tiyak na patakaran para sa mga kasambahay. Ilan sa mga patakaran na hinihingi sa bisa ng Kumbensiyon ay maaaring gawin nang progresibo.

## Sino ang saklaw ng Kumbensiyon Blg. 189?

**Ano ang paninilbihang pambahay?**

Ipinakahulugan ng Kumbensiyon Blg. 189 ang paninilbihang pambahay bilang "trabaho na ginawa sa, o para sa, mga bahayan o sambahayan."

Ang trabahong ito ay maaaring saklaw ang gaya ng paglilinis ng bahay, pagluluto, paglalaba, pamamalantsa, pagaalaga ng mga bata, matanda o maysakit sa pamilya, o kahit pangangalaga sa mga hayop sa bahay.

**Sino ang kasambahay?**

Sa bisa ng Kumbensiyon, ang kasambahay ay "sinumang tao na sangkot sa paninilbihang pambahay na may ugnayan ng pag-eempleo."

Ang kasambahay ay maaaring magtrabaho nang lubos ang panahon [full time] o limitado ang panahon [part time]; at gawing empleo ng isang bahayan o maraming employer; manirahan sa bahay ng employer [live-in] or manirahan sa kaniyang sariling tahanan [live-out]. Ang kasambahay ay maaaring magtrabaho sa isang bansa na hindi siya mamamayan nito.

Lahat ng kasambahay ay saklaw ng Kumbensiyon Blg. 189, bagaman ang mga bansa ay makapagpapasiya na alisin ang ilang kategoriya, sa ilalim ng napakahigpit na kondisyon.

**Sino ang employer ng kasambahay?**

Ang employer ng kasambahay ay maaaring kasapi ng bahayan na pinaggaganapan ng trabaho, o kaya'y isang ahensiya o negosyo na tumatanggap ng mga kasambahay at inilalaan sila sa mga bahayan.

**Sa pagsasakatuparan ng Kumbensiyon, sasangguniin ba ang mga manggagawa at employer?**

Ang mga probisyon ng Kumbensiyon ay ipatutupad nang may pagsangguni sa karamihan sa mga organisasyon ng kinatawan ng mga manggagawa at employer (Artikulo 18).

Dagdag pa, inaatasan ng Kumbensiyon ang mga Gobyerno na konsultahin ang karamihan sa mga kinatawang organisasyon ng mga employer at manggagawa at, kung saan ang mga ito umiiral, kasama ang mga organisasyon na kumakatawan sa mga kasambahay at ang mga organisasyon na kumakatawan sa mga employer ng mga kasambahay sa apat na tiyak na bagay: (i) tukuyin ang mga kategoriya ng mga manggagawa na hindi ibibilang sa saklaw ng Kumbensiyon; (ii) mga hakbang hinggil sa kaligtasan sa trabaho at kalusugan; (iii) mga hakbang sa seguridad panlipunan; at (iv) mga hakbang para protektahan ang mga manggagawa laban sa mga abusadong kagawian ng mga pribadong ahensiya ng pag-eempleo (Mga Artikulo 2, 13, & 15).

**Ano ang magagawa ng mga kasambahay upang matamo ang mga proteksiyon na inihahain ng Kumbensiyon Blg. 189?**

Pinagtitibay ng Kumbensiyon Blg. 189 ang mga batayang karapatan ng mga kasambahay. Nagtatakda ito ng mga minimum na pamantayan ng paggawa para sa mga kasambahay.

Ang mga kasambahay ay maaaring:

- mag-organisa at magpakilos ng suporta para sa ratipikasyon at pagsasakatuparan ng Kumbensiyon ng kani-kanilang Gobyerno;
- gamitin ang probisyon ng Kumbensiyon at ang Rekomendasyon para mahimok ang mga pagbabago sa mga batas at mapaunlad ang kalagayan ng pagtatrabaho at pamumuhay ng mga kasambahay, naratipika man o hindi ng bansang pinagtatrabahuhan nila ang Kumbensiyon Blg. 189.



Kumbensiyon Bilang 189

## Ano ang mga minimum na pamantayang itinakda ng Kumbensiyon Blg. 189 para sa mga kasambahay?

**Batayang karapatan ng mga kasambahay**

- Pagpapalaganap at pangangalaga sa mga karapatang pantao ng lahat ng kasambahay (Pambungad; Artikulo 3)
- Paggalang at proteksiyon ng mga batayang prinsipyo at karapatan habang nagtatrabaho: (a) karapatang sumapi at ang mahusay na pagkilala sa kolektibong pakikipagkasundo; (b) pagtanggal ng lahat ng anyo ng sapilitang pagtatrabaho; (c) pagtanggal ng lakas-paggawa ng mga bata; at (d) pagtanggal ng deskriminasyon hinggil sa pag-eempleo at trabaho (Mga Artikulo 3, 4, 11).
- Epektibong proteksiyon laban sa lahat ng anyo ng pang-aabuso, panggigipit, at karahasan (Artikulo 5).
- Patas na tadhana ng pag-eempleo at disenteng kalagayan sa pamumuhay (Artikulo 6).

**Impormasyon sa mga tadhana at kondisyon ng pag-eempleo**

- Dapat ipabatid sa mga kasambahay ang mga tadhana at kondisyon ng kanilang pagkakaempleo sa pinakamadali't mauunawaang paraan, na may pagkiling sa pasulat na kasunduan (Artikulo 7).

**Oras ng trabaho**

- Mga hakbang na nakatuon sa pagtitiyak ng patas na pagturing sa panig ng kasambahay at ng mga manggagawa hinggil sa normal na oras ng trabaho, sahod sa obertaym, mga panahon ng arawan at lingguhang pamamahinga, at ang taunang pagliban na may bayad.
- Lingguhang pamamahinga nang hindi kukulangin sa 24 magkakasunod na oras ng trabaho (Artikulo 10).
- Regulasyon ng nakaabang na oras (mga panahon na hindi maaaring lustayin ng mga kasambahay kung kailan nila gusto, at kinakailangan upang mapanatili sa kapasiyahan ng bahayan ang paghingi ng mga posibleng tulong (Artikulo 10).

**Sahod**

- Minimum na sahod kung umiiral ang minimum na sahod para sa ibang manggagawa (Artikulo 11).
- Ang bayad sa sahod ay dapat nasa anyong cash, diretso sa manggagawa, at may regular na puwang na hindi lalampas sa isang buwan.
- Mapapahintulutan ang bayad sa katumbas nitong materyal na bagay sa ilalim ng tatlong kondisyon: tangi lamang ito sa limitadong bahagi ng kabuuang sahod; ang katumbas na halagang salapi ay patas at makatwiran; ang mga bagay o serbisyong ibinigay ay gaya ng kabayarang materyal para sa personal na gamit at benepisyo sa mga manggagawa. Nangangahulugan ito na ang mga uniporme at kagamitang pamproteksiyon ay hindi ituturing na kabayarang katumbas sa materyal na anyo, bagkus bilang kagamitan na dapat ibigay ng employer sa mga manggagawa nang walang bayad para matupad nito ang mga gampanin (Artikulo 12).
- Ang mga bayarin na sisingilin ng pribadong ahensiya ng pag-eempleo ay hindi dapat awasin mula sa pasahod (Artikulo 15).

**Kaligtasan at kalusugan sa trabaho**

- Karapatan sa ligtas at malusog na kaligiran sa pagtatrabaho (Artikulo 13).
- Nakahanda ang mga hakbang para matiyak ang kaligtasan at kalusugan sa trabaho ng mga manggagawa (Artikulo 13).

**Panlipunang seguridad**

- Panlipunang seguridad na proteksiyon, kabilang na ang mga benepisyo sa pagbubuntis at panganganak (Artikulo 14).
- Mga kondisyon na hindi dapat mababa sa mainam kompara sa mga maiaangkop sa pangkalahatan ng manggagawa (Artikulo 14).

**Mga pamantayan hinggil sa mga batang kasambahay**

- Pangangailangang itakda ang minimum na edad para tanggapin sa trabahong kasambahay (Artikulo 4).
- Mga kasambahay na edad 15 ngunit hindi lalampas sa edad 18—ang kanilang trabaho ay hindi dapat magkait sa kanila ng sapilitang edukasyon, o manghimasok sa kanilang oportunidad para sa abanseng edukasyon o bokasyonal na pagsasanay (Artikulo 4).

Disenteng trabaho para sa mga kasambahay